Pagputol sa ngipin ng mga biik

Instructor check when completed

		PAGHAHANDA
	1	Siguruhing ang mga sumusunod na materyales ay nakalagay sa medical tray: ➲ Maliit na lalagya at antiseptic solution o surgical spirit ➲ Sipilyo ➲ Pamutol ng ngipin ➲ Wax marker ***Isang pares ng pamutol ng ngipin ang dapat gamitin para sa pamamaraang ito at di dapat ito ginamit para pamputol ng pusod o buntot***
	2	Siguruhing matalim ang pamutol ng ngipin at tingnan ito sa ilaw para masigurong pantay ang talim. Kung sira, palitan ito ng bago.
	3	Kung ang pamutol ng ngipin ay madumi, kuskusin ito ng mainit na tubig na may sabon at ilagay sa antiseptiko o surgical spirit
	4	Alamin kung aling mga biik ang dapat putulan ng ngipin o dapat gawan ng iba pang pagpoproseso
	5	Hugasang mabuti ang kamay

		PAMAMARAAN
		Inaasahan sa pamamaraang ito na ang gamit na kamay ng tagapag-alaga ay kanan.
	1	Ilagay ang lahat ng biik sa processing cart, bottomless box o creep area. ***Mag-ingat sa inahen!***
	2	Buhatin ang biik ng kaliwang kamay na ang thumb ay nakaposisyon sa likod ng tenga ng biik.
	3	Dahan-dahang ilagay ang una o ikalawang daliri sa bibig at sa likod ng jaw para mapanatiling nakabukas ang bibig at ang dila ay nakababa.
	4	Ilagay ang natitirang mga daliri sa ilalim ng katawan ng biik at leeg para suportahan ang bigat nito. Ang ikalawa o pangatlong daliri ay maaaring gamitin to gently squeeze the windpipe para maiwasan ang pagsigaw nito.
	5	Itagilid ang ulo ng biik sa isang gilid depende sa preference

DEMONSTRATION COPY ONLY

Copyright © 1999 by PPT Ltd. All rights reserved

Pagputol sa ngipin ng mga biik

Instructor check when completed

	PAMAMARAAN (karugtong)
6	➲ Ilagay ang pamutol sa isang pares ng ngipin at parallel sa jaw bone ➲ Diinan ng mabilis at mahigpit ang pamutol para maputo ang ngipin na malapit sa gilagid.
7	Ulitin ang proseso sa natitirang 3 pares ng ngipin at ingatang huwag masugatan ang gilagid, dila o anumang bahagi ng bibig.
8	Ikuskos ang daliri sa pinagputulan na ngipin para masigurong walang natirang matalim na edges, points o fragments
9	Kung may natirang matulis na ngipin, bawasan ulit ang ngipin gamit ang pamutol
10	Markahan ang biik at ibalik sa kulungan ng paanakan o ituloy ang susunod na pamamaraan
11	Iluboga ang pamutol sa antiseptiko o surgical spirit at kung kailangan ay alisin ang dumi gamit ang sipilyo.
12	Ulitin ang proseso para sa mga natitirang mga biik subalit iwanan ang mga maliliit o mahinang biik na kailangang putulan ng ngipin at a later date kung sila ay mabubuhay. Markahan ang mahihinang biik ayon sa ***Pig marking protocol*** ng kompanya
13	Itala sa ***Farrowing card*** sa ilalim ng *Teeth* sa seksyon ng *Processing* na ang lahat ng biik ay naputulan na at gumawa lang ng espesyal na talaan para sa maliliit at mahihinang biik na kailangan pang putulan ng ngipin
14	Linisin ang pamutol at pumunta sa susunod na kulungan
15	Kapag ang lahat na ng proseso para sa biik ay nagawa na para sa lahat ng litters, sudin ang pamamaraan sa ***Cleaning the medical tray***

DEMONSTRATION COPY ONLY

Copyright © 1999 by PPT Ltd. All rights reserved

Skill:

Pagputol sa ngipin ng mga biik

Paalala sa tagapagsanay

Ang PPT Pig Skills Manual ay inaasahang ang pagputol ng ngipin ay naihatid kasabay ng pangangalaga sa pusod ng biik at pag-aayos ng tainga o pagtatatoo; 6-24 oras matapos ang pagkukumpleto ng panganganak. Ang paggawa ng iba pang hakbang tulad ng iron injections, tail docking at pagkakapon ay nakakapagod sa mga biik at maaaring makapagpataas ng pre-weaning mortality. Inirerekomenda ng PPT Skills Manual na ang mga gawaing ito ay gawin sa edad na 3 araw.
Inirerekomenda rin na hayaan ang nagsasanay na mag-concentrate sa isang pamamaraan muna habang ipinagpapatuloy ng tagapagsanay ang pagpoproseso ng ibang biik. Ang nagsasanay ay maaaring magtuloy ng responsibilidad para sa ibang processing procedures kapag napatunayan na ang kanyang kagalingan sa bawat pamamaraan.

Paghahanda

Tulungan ang nagsasanay na I-tsek ang medical tray para sa mga kailangang kagamitan at kilalanin ang mga bagong panganak na biik na kailangang putulan ng ngipin

Mga kagamitan

- mga biik na tumagal na ng 6 na oras mula ng ianak
- Maliit na lalagya at antiseptiko o surgical spirit
- Sipilyo
- Pangputol ng ngipin Teeth clippers
- Wax marker

Kailangan ng isang pares na pangputol para sa pamamaraang ito na dapat ay di ginagamit na pangputol ng pusod o buntot

Layunin

Para alisin ang canine teeth ng bagong panganak na biik sa paraang maliit ang pagkakataong magkaroon ng impeksyon

Mga dahilan

Ipaliwanag sa nagsasanay:

- Ang canine teeth ng mga biik ay matalim matapos ipanganak.
- Maaari itong makasakit sa mukha ng ibang biik during the squabble para ma-establish ang “teat order” na maaaring maging sanhi ng greasy pig disease
- Maaari rin nitong masugatan ang utong at suso ng inahen na magiging sanhi para ito ay di maging maginhawa, restless, at maaaring ayaw magpasuso ng mga biik at maging prone to savaging at pag-ipit ng mga biik

DEMONSTRATION COPY ONLY
Copyright © 1999 by PPT Ltd. All rights reserved

Skill: Pagputol sa ngipin ng mga biik

Ipaliwanag ang safety precautions	➲ ***Mag-ingat sa inahen*** dahil ito ay maaaring mairita habang hinuhuli ang mga biik at inilalagay sa kariton, bottomless box o creep ➲ ***Ang mga pirason ng ngipin ay maaaring tumalsik at pumasok sa mata ng tagapag-alaga*** Inirerekomendang ang ulo ay hinahawakang mabuti palikod habang pinuputulan o magsuot ng protective goggles are worn
Ipaliwanag ang pamamaraan	➲ Gawin ang bawat hakbang sa procedure sheet kasama ang nagsasanay ➲ Himukin ang pagtatanong
Ipaliwanag ang mahahalaga ng puntos	Idiin ang mahahalagang aspeto ng pamamaraan at ipaliwanag Itanong sa nagsasanay kung bakit sa tingin niya ito mahalaga ➲ Tamang oras – ang ngipin ay dapat putulin 24 oras matapos itong ianak subalit hindi sa unang 6 na oras mula pagkapanganak at di bago makasuso ng colostrum ang biik. ➲ Ang maliliit at mahihinang biik – ang pagpoproseso ay dapat iantala ng hanggang edad na 3 araw para sa maliliit at mahihinang biik ➲ Kalinisan – ang pangputol sa ngipin ay dapat linisin ng mainit at may sabong tubig bago at matapos gamitin at dapat itago sa antiseptiko o surgical spirit. Ito ay dapat ring isawsaw sa antiseptiko o surgical spirit matapos ang bawat biik. Ang ngipin ay maaaring mabasag dahil sa blunt o sirang pamutol. Ang pamutol ay dapat matalim, nasa mabuting kondisyon at dapat palitan ng regular. ➲ Pag-iwas na masugatan ang bibig ng biik – ang pamutol ay dapat hawakan parallel to the jaw at dapat ingatang masugatan ang gilagid, dila o bibig ng biik. Idiin na ang di maayos na pagputol ng ngipin ay maaaring humantong sa impeksyon sa gilagid at makapagpataas ng insidente ng meningitis at joint ill ➲ Pagtatala – dapat itala sa ***Farrowing card*** kapat natapos na ang pagputol ng ngipin. Dapat rin gumawa ng talaan ng mga maliliit at mahihinang mga biik na kailangang putulan ng ngipin at a later date

DEMONSTRATION COPY ONLY
Copyright © 1999 by PPT Ltd. All rights reserved

Skill: Pagputol sa ngipin ng mga biik

Ipakita	Ipakita sa nagsasanay ang bawat hakbang at ipaliwanag kung ano ang ginagawa at kung paano sinusunod ang bawat pamamaraan. Siguruhing nag-oobserbang mabuti ang nagsasanay at naiintindihan ang ginagawa.
Mga tanong	Sagutin ang anumang tanong kaugnay ng pagsasanay
Ipagawa sa nagsasanay	Hayaan ang nagsasanay na hawakan ang pamutol ng ngipin sa kanyang kamay na nais gamitin para putulin ang ngipin sa paraang maginhawa para sa kanya. Sabihin sa nagsasanay na gawin ang buong pagsasanay at magbigay lang ng tulong ayon sa Competence level – ipaliwanag kung anong tulong ang iyong maibibigay:
Antas ng paggabay	1. Magbigay ng detalyadong panuto para sa buong pagsasanay 2. Magbigay lang ng tulong kung hinihingi o kung magkaroon ng problema 3. Huwag magbigay gabay: Ipalarawan sa nagsasanay kung ano ang kanyang ginagawa sa buong pagsasanay.
Talakayin	➲ I-tsek ang bawat hakbang sa procedures sheet ➲ Ano ang pakiramdam ng nagsasanay sa natapos na pagsasanay? ➲ Anong bahagi ng pagsasanay ang di nagawa o nagkaproblema?
Paglutas ng problema	➲ I-tsek ang bawat hakbang sa procedures sheet ➲ Ano ang pakiramdam ng nagsasanay sa natapos na pagsasanay? ➲ Anong bahagi ng pagsasanay ang di nagawa o nagkaproblema?
Magbigay konklusyon	➲ Idiin ang kahalagahan ng gawain at ang paggamit ng tamang pamamaraan ➲ Isanggunit ang nagsasanay sa mahahalagang bahagi ng Manwal ng Nagsasanay ➲ Pasalamatan siya sa kanyang pagsisikap ➲ Lagdaan ang Achievement record ng nagsasanay ➲ Magtakda ng petsa/oras para sa pagsasanay sa susunod na Competence level kung kailangan o Pagbabalik-tanaw

DEMONSTRATION COPY ONLY
Copyright © 1999 by PPT Ltd. All rights reserved

Pagputol sa ngipin ng mga biik

Background

Ang 4 na pares ng needle o canine teeth ng biik ay matatalim matapos itong ipanganak. Karaniwang ginagawa ang pagputol sa mga ito ilang oras matapos itong ianak para maiwasang masaktan ang inahen at ang ibang biik.

Ang mga biik ay maaaring mag-away-away dahil para makasuso at bago ma-establish ang definite teat order. Sa pag-aawayang ito ay maaaring masugatan ang mga biik sa mukha na maaaring maging sanhi ng impeksyon gaya ng greasy pig disease. Gayundin, ang utong o suso ng inahen ay maaari ring masugatan at mamaga. Ang apektadong inahen ay maaaring maging di maginhawa, ayaw ng magpasuso at nagiging prone to either savaging o pagkaipit ng mga biik na nais sumuso.

Ang pagputol ng ngipin ay sinasabing mutilation para sa iba at ang EU Welfare Regulations ay nagtatakda na ang ngipin ay dapat lang putulin kung laganap na nasasaktan ang mga inahen at biik at kung ang problema ay di malutas sa ibang paraan. Ang cross fostered pigs ay inaasahang laging mag-aaway to some extent kaya mahalagang isagawa ang pagpuputol ng ngipin sa karamihan ng mga yunit kung saan palaging isinasagawa ang cross fostering.

Pamamaraan

Ang mahahalagang aspeto ng pamamaraan ay ang sumusunod:

Tamang oras : Ang pagpuputol ng ngipin ay potensyal na pinagmumulan ng impeksyon. Gayunpaman, ang biik na nakakuha ng immunoglobulins mula sa inahen sa pamamagitan ng colostrum ay nahahandang humarap sa anumang impeksyon. Samakatuwid, mabuting iantala ang pagputol sa ngipin hanggang magtagal ang mga biik ng 6 na oras mula ng ito ianak para ito ay makakuha ng sapat na colostrum. Mas mabuti kung ang pagpuputol ng ngipin ay matapos 24 oras matapos itong ianak. Kung ito ay maaantala, mas malaking kasiraan ang maaaring mangyari sa mga biik at sa suso ng inahen.

Maliliit at mahihinang mga biik : Ang mga biik ay inaasahang medyo manamlay matapos putulan ng ngipin. Ito ay di delikadong problema para sa mga malalaki at malalakas na mga biik subalit ang mga maliliit at mahinang biik ay malamang na makikipagkumpetensya para sa pagsuso at makaka-survive kung ang pagputol ng ngipin nito ay isasagawa 3 araw matapos itong ianak.

DEMONSTRATION COPY ONLY
Copyright © 1999 by PPT Ltd. All rights reserved

Pagputol sa ngipin ng mga biik

Pamamaraan (karugtong)

Kalinisan: *Dapat magtakda ng isang pares na pamutol ng ngipin para sa proseso ng pagputol ng ngipin at ito ay di dapat ginagamit sa pagputol ng pusod at buntot.*

- Dapat hugasang mabuti ang kamay bago gawin ang pagputol ng ngipin.
- Ang pamutol ng ngipin ay dapat idisimpekta bago at matapos gamitin at ito ay ay pinakamagaling na magagawa gamit ang sabon at mainit na tubig at sipilyo. Matapos linisin, ang pamutol ng ngipin ay dapat itago na nakababad sa antiseptiko o surgical spirit at dapat ring ilubog dito matapos gamitin sa bawat biik.
- Ang ngipin ay maaaring mabasag ng blunt o sirang pamutol ng ngipin at ang resulting fragments ay maaaring humantong sa impeksyon. Makabubuting tingnan sa may ilaw ang pamutol ng ngipin bago ito gamitin para masigurong pantay ang talim nito at palitan ito ng regular.

Kaligtasan ng tagaputol ng ngipin : Ang inahen ay maaaring magalit kapag narinig na sumisigaw ang mga biik habang hinuhuli at hinahawakan. Ang tagapag-alaga ay ***dapat mag-ingat sa inahen*** sa paggawa ng proseso at di dapat ilagay ang sarili sa posisyong maaari siyang atakihin ng inahen.

Kahit ang maliliit na biik ay maaaring kumagat ng masakit kaya dapat itong hawakan ng mabuti para mapanatiling bukas ang bibig, mailayo ang dila at maipakita ang canine teeth sa tamang anggulo para maputol. Ang pangalawa o pangatlong dalire ay maaaring gamitin to gently squeeze the windpipe para maiwasang sumigaw ang biik at mabawasan ang pagkabulabog ng inahen.

Ang teeth fragments ay maaaring tumalsik habang pinuputol ang ngipin at maaaring pumasok sa mata ng tagapag-alaga
Ang ganitong problema ay maiiwasan kung hahawakang mabuti ng palikod ang ulo ng biik habang pinuputulan ng ngipin o sa pamamagitan ng pagsusuot ng goggles.

DEMONSTRATION COPY ONLY
Copyright © 1999 by PPT Ltd. All rights reserved

Pagputol sa ngipin ng mga biik

Pamamaraan (karugtong)

Pag-iwas na masugatan ang bibig ng biik: May panganib na magkaroon ng impeksyon ang gilagid dahil sa pamamaraang ito at ang di maayos na pagputol ng ngipin ay makapagpapataas ng insidente ng pagkakaroon ng meningitis at joint ill. Ang karamihan ng problema ay maiiwasan sa paggamit ng matatalim at malinis na pamutol ng ngipin at sa pag-iingat na maputol ang ngipin parallel to the jaw para maiwasang masugatan ang gilagid, dila o bibig ng biik.

Pagtatala: Kapag naputulan na ng ngipin ang lahat ng biik na kailangang putulan, dapat itala sa ***Farrowing card*** na ang mga biik ay naputulan na ng ngipin. Dapat ring gumawa ng espesyal na talaan para sa mga maliliit at mahinang biik na kailangang putulan ng ngipin at a later date.

DEMONSTRATION COPY ONLY
Copyright © 1999 by PPT Ltd. All rights reserved

Skill: Teeth clipping piglets

Question and Answer	Check correct answers		
Q: Bakit isinasagawa ang pagputol ng ngipin? • Ang matatalim na canine teeth ay maaaring makasakit sa mukha ng ibang biik habang ini-establish ang “teat order”	1		
• Maaari rin nitong masugatan ang utong at suso ng inahen at ito’y magiging dahilan para ang inahen ay di maging maginhawa, restless, at mukhang ayaw na magpasuso ng mga biik.	2		
Q: Kailan dapat isagawa ang pagputol ng ngipin at bakit? • Sa pagitan ng 6-24 oras matapos ipanganak	3		
• Bago ang 6 na oras, ang biik ay maaaring di pa nakakakuha ng colostrum at maaaring maging madaling magkaroon ng impeksyon	4		
• Ang mas mahabang ngipin na maiiwan ay higit na makakasakit sa ibang biik at inahen.	5		
Q: Anong hygiene precautions ang dapat gawin para maiwasan ang impeksyon ? • Ang mga kamay ay dapat hugasan bago ang pagsasagawa nito	6		
• Ang pamutol ay dapat matalim at pantay ang talim.	7		
• Ang pamutol ng ngipin ay dapat hugasan ng mainit na tubig na may sabon bago at matapos gamitin at dapat itago ng nakababad sa antiseptiko o surgical spirit.	8		
• Ito ay dapat ring ilubog sa antiseptiko o surgical spirit matapos putulan ng ngipin ang bawat biik	9		
Q: Ano ang tamang alignment ng pamutol kapag nagpuputol ng ngipin? • Parallel sa gum line	10		
Q: Ano ang maaaring maging resulta ng di maayos na pagpuputol ng ngipin ? • Impeksyon sa gilagid, pagtaas ng panganib ng meningitis at joint ill	11		
Q: Aling mga biik ang di dapat putulan ng ngipin ? • Lahat ng maliliit at mahinang biik	12		
Q: Kailan dapat putulan ng ngipin ang mga maliliit at mahinang biik? • Sa edad na 3 araw	13		

Bilangin ang tamang sagot		
Bilang ng kailangang tamang sagot	9	
Lagdaan ang record of achievement ng nagsasanay		
Kung kulang sa 9 ang tamang sagot, magtakda ng petsa para sa susunod na pagbabalik-tanaw		

DEMONSTRATION COPY ONLY

Copyright © 1999 by PPT Ltd. All rights reserved